

THE UNIVERSAL HOUSE OF JUSTICE

Riḍván 2018

To the Bahá'ís of the World

Sa mga Bahá'í ng Daigdig

Dearly loved Friends,

Minamahal na mga Kaibigan,

We greet you in the enduring afterglow of those memorable events that marked the bicentenary of the Birth of the Blessed Beauty. As we consider what transpired then and since, we find that the global Bahá'í community now in view is not the same as when it embarked on the first six cycles of the current Plan. It is more conscious than ever before of its mission. It has experienced an unprecedented surge in its capacity to bring friends and acquaintances into contact with its community life; to inspire neighbourhoods and villages into unified endeavour; to articulate how spiritual truths can be translated into sustained practical action; and, above all, to converse not only about the teachings that will build the world anew, but about the One Who taught them: Bahá'u'lláh. Accounts of His life and of His suffering told in myriad tongues by adults, youth, and children touched countless hearts. Some showed themselves ready to explore His Cause further. Others pledged collaboration. And many a receptive soul was moved to an avowal of faith.

1 Binabati namin kayo sa namamalaging napakagandang alaala nitong di-malilimot na mga pangyayaring nagdiwang sa ikalawang daang taong kaarawan ng Kapakanan ng Pinagpalang Kagandahan. Habang nililimi natin ang mga naganap noon at mula noon, ating natatagpuan na ang pandaigdigang pamayanang Bahá'í na nakikita ngayon ay hindi na katulad ng dati nang isinagawa nito ang unang anim na cycle ng kasalukuyang Plano. Higit na mataas na ang kabatiran nito sa misyon nito kaysa kailanman sa nakaraan. Nakaranas ito ng di pa nararanasang bugso sa kakayahan nitong dalhin ang mga kaibigan at mga kakilala upang makipag-ugnay sa pamumuhay ng pamayanan nito; upang bigyan ng lakas loob ang mga sambahayan at mga barangay sa nagkakaisang pagsisikap; upang maisawika kung paano isinasalin ang espirital na mga katotohanan sa nagpapatuloy na praktikal na pagkilos; at higit sa lahat ay upang makipag-usap hindi lamang tungkol sa mga katuruang magtatatag ng panibagong daigdig, kundi ay tungkol din sa Kaniya na nagturo sa mga iyon: si Bahá'u'lláh. Ang mga kuwento tungkol sa Kaniyang buhay at sa Kaniyang mga pagdurusa na isinalaysay sa napakaraming mga wika ng mga matatanda, mga kabataan, at mga bata ay tumimo sa di-

One telling indicator of progress was the numerous places where it became clear that the Faith had emerged from obscurity at the national level. There were government leaders and leaders of thought who stated publicly—and sometimes emphasized privately—that the world stands in need of Bahá'u'lláh's vision and that the Bahá'ís' endeavours are admired and should be expanded. It delighted us to see that it was not only Bahá'ís who wished to honour Bahá'u'lláh and celebrate His life—special gatherings were hosted by some from beyond the Bahá'í community. In areas where hostility to the Faith exists, the friends were undismayed; showing marvellous resilience, they encouraged their compatriots to examine the truth for themselves, and many joyfully participated in the festivities. The bicentenary also gave rise to a seemingly limitless efflorescence of artistic expression, magnificent testimony to the wellspring of love from which it stemmed. The character of the Bahá'í community's entire approach to this occasion was confirmation of how much has been learned over more than two decades now, since the current series of global Plans began. The individual believer took initiative, the community arose in collective effort, and the friends channelled their creative energy into the plans prepared by the institutions. A significant anniversary, marking the passage of two centuries, offered a powerful stimulus to the work of building communities for the century to come. In

mabilang na mga puso. Ipinakita ng ilan ang kanilang kahandaang saliksikin nang higit pa ang Kaniyang Kapakanan. Ipinangako ng mga iba ang makipagtulungan. At maraming kaluluwang handang tumanggap ang nakadama ng pagnanasang magpatotoo ng pananalig.

2 Ang isang mabisang palatandaan ng pag-unlad ay ang napakaraming mga lugar kung saan ay naging malinaw na ang Pananampalataya ay lumabas na sa pagiging di-kilala sa pambansang antas. Mayroong mga pinuno ng pamahalaan at mga nangunguna sa kaisipan ang nagsabi sa madla—at magkaminsa'y binigyang-diin nang pribado—na kailangan ng daigdig ang larawang-isip ni Bahá'u'lláh at na hinahangaan ang mga pagsisikap ng mga Bahá'í at dapat pa itong palawakin. Ikinagalak naming makita na hindi lamang mga Bahá'í ang nagnais parangalan si Bahá'u'lláh at ipagdiwang ang Kaniyang buhay—nagkaroon ng tanging mga pagtitipon na inihanda ng ilang mga mula sa labas ng pamayanang Bahá'í. Sa mga lugar kung saan umiiral ang galit laban sa Pananampalataya, ang mga kaibigan ay hindi nasiraan ng loob; habang ipinakikita ang kahanga-hangang kakayahan na muling bumangon, hinimok nila ang kanilang mga kababayan na suriin ang katotohanan para sa kanilang mga sarili, at marami ang masayang nakilahok sa mga pagdiriwang. Ang bisentenaryo ay nagbunga rin ng waring walang-hanggang pamumulaklak ng paghahayag ng mga sining, na napakahusay na patotoo sa bukal ng pag-ibig na pinagmulan nito. Ang katangian ng buong paraan ng pagharap ng pamayanang Bahá'í sa okasyong ito ay patunay sa lahat ng natutuhan na sa loob ng mahigit na dalawang dekada na ngayon, mula nang magsimula ang kasalukuyang serye ng pandaigdig na mga Plano. Ang indibidwal na mananampalataya ay gumawa ng pagkukusa, ang pamayanan ay bumangon sa sama-samang pagsisikap, at itinuon ng mga kaibigan ang kanilang mapanlikhang mga lakas sa mga planong inihanda ng mga institusyon.

the period leading up to the second bicentenary, let every seed so lovingly sown at the first be nurtured patiently towards fruition.

Two years into the present Plan, although naturally progress is not uniform from country to country, the number of intensive programmes of growth in the world is approaching half the five thousand contemplated in the current global endeavour, and the rate at which this number is rising has been steadily increasing. Looking more closely, there are promising signs of how the powers and potentialities of individuals, communities, and institutions are being manifested. For the believers everywhere, the experience of the bicentenary celebration demonstrated that many of their day-to-day interactions with the people around them can be infused with the spirit of teaching. And as the work in thousands of villages and neighbourhoods gathers momentum, a vibrant community life is taking root in each. The number of clusters where the system for extending this pattern of activity to more and more locations is becoming well established—enabling thereby, the friends to pass the third milestone along a continuum of development—has grown markedly. And it is here, at the frontiers of the Bahá'í world's learning, particularly in the movement of populations towards the vision of Bahá'u'lláh, where not only are large numbers coming into the widening embrace of Bahá'í activities but the friends are now learning how sizeable groups come to identify themselves with the community of the Most Great Name.

Ang isang mahalagang kaarawan, na palatandaan sa paglipas ng dalawang siglo, ay naghain ng napakalakas na pampasigla sa gawain ng pagtatatag ng mga pamayanan para sa papasok na siglo. Sa panahong patungo sa pangalawang bisentenaryo, tulutang ang bawat binhing buong-pagmamahal na inihasik sa una ay buong tiyagang arugain patungo sa pamumunga nito.

3 Dalawang taon na ang lumipas sa kasalukuyang Plano, at bagaman natural lamang na hindi pantay ang pagsulong sa bawat bansa, ang bilang ng mga programa ng matinding paglaki sa daigdig ay lumalapit na sa kalahati ng limang libong hinahangad para sa kasalukuyang pandaigdig na pagsisikap, at ang tulin ng pagtaas sa bilang na ito ay patuloy na bumibilis. Sa higit na masusing pagsuri, maganda ang mga palatandaan kung paano naihahayag ang mga kapangyarihan at natatagong mga kakayahan ng mga indibidwal, mga pamayanan, at mga institusyon. Para sa mga mananampalataya sa lahat ng lugar, ang karanasan ng pagdiriwang ng bisentenaryo ay nagpakilala na ang marami sa kanilang pang araw-araw na mga ugnayan sa mga taong nasa palibot nila ay maaaring salinan ng diwa ng pagtuturo. At habang ang gawain sa libo-libong mga barangay at mga sambahayan ay patuloy na tumutulin, ang isang masiglang pamumuhay ng pamayanan ay nag-uugat sa bawat isa. Ang bilang ng mga cluster kung saan ang sistema para sa pagpapalawak sa ganitong paraan ng pagkilos sa higit at higit pang mga lugar ay nagiging matibay na ang pagkatatag—nagbibigay-daan, sa gayon, upang makalampas ang mga kaibigan sa pangatlong palatandaan (o *milestone*) sa nagpapatuloy na pag-unlad—ay malaki na ang itinaas. At narito, sa mga hangganan (o *frontier*) ng pagkatuto ng sandaigdigang Bahá'í, lalo na sa pagsulong ng mga populasyon patungo sa larawang-isip ni Bahá'u'lláh, kung saan ay hindi lamang pumapasok ang malalaking mga bilang sa lumalawak na saklaw ng mga gawaing Bahá'í

We are seeing the Faith's educational efforts take on a more formal character in such places, as children move seamlessly through the grades year after year and one level of the junior youth spiritual empowerment programme reliably succeeds another. In these places, the training institute is learning to ensure that sufficient human resources are being raised up to provide for the spiritual and moral edification of children and junior youth in ever-increasing numbers. Participation in these foundational activities is becoming so embedded in the culture of the population that it is viewed as an indispensable aspect of the life of a community. A new vitality emerges within a people taking charge of their own development, and they build immunity to those societal forces that breed passivity. Possibilities for material and spiritual progress take shape. Social reality begins to transform.

Cherished friends, this is truly a moment to give thanks to the Best-Beloved. There are a great many reasons to be encouraged. Yet we are only too aware of the scale of the task that remains. Fundamentally, as we have previously indicated, there must emerge in many hundreds of clusters a growing band of believers who can maintain, with those around them, a sustained focus on nurturing growth and building capacity, and who are distinguished by their ability and their discipline to reflect on action and learn from experience. Raising up

kundi ay natututo na rin ang mga kaibigan kung paano nangyayaring ang malalaking mga grupo ay kinikilala ang kanilang mga sarili bilang bahagi ng pamayanan ng Pinakadakilang Pangalan. Nakikita namin na ang mga pagsisikap ng Pananampalataya sa edukasyon ay nagkakaroon na ng higit na pormal na katangian sa gayong mga lugar, habang ang mga bata ay sumusulong nang walang patlang sa mga grado sa sunod-sunod na taon, at ang isang antas ng junior youth spiritual empowerment program ay maaasahang sumunod sa nauna. Sa ganitong mga lugar, ang training institute ay natututo kung paano titiyakin na ang sapat na mga yamang-tao ay naibabangon upang matustusan ang espirital at moral na pagpapabuti ng mga bata at mga junior youth sa patuloy na lumalaking bilang. Ang pakikilahok sa ganitong mga saligang gawain ay lubos nang naibabaon sa kultura ng populasyon na nakikita na ito bilang isang aspeto ng buhay ng pamayanan na hindi maaaring mawala. Ang panibagong sigla ay lumilitaw sa loob ng isang sambayanang umaako na ng pamamahala sa sarili nilang pag-unlad, at lumalakas ang kanilang panlaban sa mga puwersang iyon ng lipunan na nagsasanhi ng pagwawalang-kibo. Ang mga posibilidad para sa materyal at espirital na pagsulong ay nahuhubog. Ang realidad ng lipunan ay nagsisimulang magbago.

4 Sinisintang mga kaibigan, tunay na ito'y isang sandali upang magbigay pasasalamat sa Pinakamamahal. Napakaraming mga dahilan upang maging masigla. Gayumpaman ay lubos naming nababatid ang sukat ng gawaing nalalabi. Sa panimula, tulad nang aming nabanggit na noong nakaraan, kailangang lumitaw sa daan-daang mga cluster ang isang lumalaking pangkat ng mga mananampalatayang magagawang ipagpatuloy, kasama ng mga nakapalibot sa kanila, ang namamalaging pagtutok sa pag-aruga sa paglaki at sa paglilinang ng kakayahan, at sila ay natatangi sa kanilang kakayahan at sa kanilang

and accompanying an expanding nucleus of individuals in each place—not just at the level of the cluster but within neighbourhoods and villages—is at once a formidable challenge and a critical need. But where this is occurring, the results speak for themselves.

We are reassured to see that the institutions of the Faith are keeping this supreme need at the forefront of their thinking, devising effective mechanisms to enable the insights arising from progress to be widely applied. At the same time, greater experience is endowing national, regional, and local bodies alike with broader vision. They are becoming involved in all aspects of the community's development and are concerned with the well-being of people beyond its formal membership. Conscious of the profound implications the institute process holds for the advancement of peoples, they are paying particular attention to how the training institute can be strengthened. They remain mindful of the need to maintain the community's focus on the requirements of the Plan and call the ever-widening circle of friends to higher and higher levels of unity. They faithfully uphold their responsibility to refine their administrative and financial systems so that the work of expansion and consolidation can be properly supported. In all this, they are ultimately occupied with cultivating in the community those conditions that conduce to the release of powerful spiritual forces.

disipilina upang nilay-nilayin ang pagkilos at matuto mula sa karanasan. Ang pagbabangon at pag-aalalay sa isang lumalawak na pangkat ng mga indibidwal sa bawat lugar—hindi lamang sa antas ng cluster kundi sa loob ng mga sambayanan at mga barangay—ay kapuwa isang matinding hamon at isang mahigpit na pangangailangan. Subalit kung saan ito ay nagaganap, ang mga bunga ay nagpapatunay sa sarili nito.

5 Muling tumitibay ang aming tiwala yamang nakikitang pinananatili ng mga institusyon ng Pananampalataya na nangingibabaw ang pangangailangan ito sa kanilang mga kaisipan, bumubuo ng mabisang mga kaparaanan upang ang malalalim na pag-unawang natamo mula sa pagsulong ay nailalapat nang malawakan. Kaalinsabay niyon, ang higit na malaking karanasan ay nagkakaloob sa mga lupong pambansa, pang-rehiyon at lokal ng higit na malawak na larawang-isip. Sila ay nagiging kabahagi na ng lahat ng aspeto ng pag-unlad ng pamayanan at nagmamalasakit sa mabuting kalagayan ng mga tao nang higit pa sa pormal na mga miyembro nito. Batid ang napakalalim na mga ipinahihiwatig ng proseso ng institute para sa pagsulong ng mga sambayanan, nagbibigay sila ng bukod-tanging pansin sa pagpapalakas ng training institute. Lagi nilang isinasaisip na kailangang panatilihin ang pagtutok ng pamayanan sa mga pangangailangan ng Plano at tawagan ang patuloy na lumalawak na pangkat ng mga kaibigan patungo sa higit at higit pang mataas na mga antas ng pagkakaisa. Buong katapatan nilang itinataguyod ang kanilang tungkuling pinuhin pa ang kanilang mga sistemang pampangasiwaan at pampananalapi upang ang gawain ng pagpapalawak at pagpapatatag ay maitaguyod nang maayos. Sa lahat ng ito, sa wakas sila ay abala sa pagpapayabong sa loob ng pamayanan ng gayong mga kalagayang magbubunga ng pagpukaw sa malakas na mga puwersang espirital.

As the work of community building intensifies, the friends are using the new capacities they have developed to improve conditions in the society around them, their enthusiasm kindled by their study of the divine teachings. Short-term projects have soared in number, formal programmes have expanded their reach, and there are now more Bahá'í-inspired development organizations engaged in education, health, agriculture, and other areas. From the resulting transformation visible in the individual and collective lives of peoples may be discerned the unmistakable stirrings of the society-building power of the Cause of Bahá'u'lláh. No wonder, then, that it is from such instances of social action—whether simple or complex, of fixed duration or long sustained—that the Offices of the Bahá'í International Community are increasingly taking inspiration in their efforts to participate in the prevalent discourses of society. This is another important field of endeavour for the Faith that has advanced well. At the national level, contributions to discourses that are meaningful to that society—the equality of men and women, migration and integration, the role of youth in social transformation, and religious coexistence, among others—are being made with growing confidence, proficiency, and insight. And wherever they live, work, or study, believers of all ages and backgrounds are making valued contributions to particular discourses, bringing to the attention of those around them a principled perspective shaped by Bahá'u'lláh's vast Revelation.

6 Habang tumitindi ang gawaing pagtatatag ng pamayanan, ginagamit ng mga kaibigan ang bagong mga kakayahang nilinang nila upang mapabuti ang mga kalagayan sa lipunang nakapalibot sa kanila, habang ang kanilang sigla ay pinaririkit ng kanilang pag-aaral sa banal na mga katuruan. Tumaas na nang husto ang bilang ng maiikling mga proyekto, lumawak na ang saklaw ng pormal na mga programa, at ngayon ay higit na marami na ang mga kapisanang Bahá'í-inspired para sa kaunlaran na tumututok sa mga larangan ng edukasyon, kalusugan, agrikultura, at iba pang mga larangan. Mula sa ibinubungang pagbabago na nakikita sa indibidwal at samasamang pamumuhay ng mga tao ay makikilala ang di-mapagkakamaliang mga pagkilos ng kapangyarihang lumikha ng lipunan na taglay ng Kapakanan ni Bahá'u'lláh. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na mula sa gayong mga pagkakataon ng pagkilos panlipunan—maging payak man o hugnay, may takdang haba man o ipinagpapatuloy nang matagalan—na ang mga Tanggapan ng Bahá'í International Community ay higit at higit pang kumukuha ng inspirasyon mula sa kanilang mga pagsisikap na makilahok sa kasalukuyang umiiral na mga talakayan sa lipunan. Ito ay isa pang mahalagang larangan ng pagsisikap para sa Pananampalataya na sumulong nang mahusay. Sa pambansang antas, ang mga naitutulong sa mga talakayang makabuluhan para sa lipunang iyon—ang pagiging pantay-pantay ng lalaki at babae, ang pag-iibang bansa at pakikiisa sa nilipatang bansa, ang ginagampanan ng kabataan sa pagbabago ng lipunan, at ang matiwasay na pag-iral ng magkakaibang mga relihiyon, bukod pa sa iba—ay ginagawa na nang may lumalaking lakas-loob, kahusayan, at malalim na pag-unawa. At saanman sila naninirahan, naghahanapbuhay, o nag-aaral, ang mga mananampalataya ng lahat ng gulang at pinanggalingan ay nakapagbibigay ng mahahalagang tulong sa tanging mga talakayan, pinaaabot sa pansin ng mga nakapalibot sa kanila ang may-prinsipyong pananaw na

hinubog ng malawak na Rebelasyon ni Bahá'u'lláh.

The Faith's standing in various spaces in which discourses unfold has been much enhanced by its official presence on the World Wide Web, a presence which has expanded considerably through the launch of numerous national Bahá'í websites and the further development of the family of sites associated with Bahai.org. This has immense value for both the propagation and protection of the Cause. Over the span of just a few days a large global audience was attracted to carefully conceived content about the Faith that was presented on the bicentenary website and updated in nine languages simultaneously, and which has now been augmented by individual country pages illustrating the diversity of the celebrations that occurred. Plans are already far advanced for introducing to the Bahá'í Reference Library site a feature that will allow previously untranslated and unpublished passages or Tablets from the Holy Writings to be released online over time. As well as this, new volumes of Bahá'u'lláh's and 'Abdu'l-Bahá's Writings rendered into English are set to appear in the coming years.

In Santiago, Chile, and Battambang, Cambodia, the world's most recently dedicated Houses of Worship are becoming established centres of attraction, beacons to their societies of all that the Faith stands for. And their number is about to grow. We are delighted to announce that the dedication ceremony for the Temple in Norte del Cauca, Colombia, is to take place in July. Further, the construction of more Houses of Worship lies just over the horizon. In Vanuatu, permission is being obtained to start

7 Ang katayuan ng Pananampalataya sa iba't ibang mga puwang kung saan namumukadkad ang mga talakayan ay napabuti nang malaki dahil sa opisyal na pag-iral nito sa World Wide Web, isang pag-iral na lumawak nang husto dahil sa paglunsad ng maraming pambansang mga Bahá'í website at sa patuloy na pag-unlad ng pangkat ng mga site na nauugnay sa Bahai.org. Ito ay mayroong napakalaking kahalagahan kapuwa para sa pagpapalaganap at pangangalaga ng Kapakanan. Sa loob lamang ng iilang araw ang isang malaking pandaigdigang tagapanood ay nahikayat sa maingat na pinag-isipang nilalaman tungkol sa Pananampalataya na iniharap sa website ng bisentenaryo at sabay-sabay na ina-*update* sa siyam na wika, at sa ngayon ay nadagdagan pa ng indibidwal na mga pahinang pambansa na naglalarawan sa magkakaiba-ibang mga pagdiriwang na idinaos. Malayo nang nakasulong ang mga plano para sa paglalagay ng isang bahagi sa site ng Bahá'í Reference Library upang mailabas sa tuwi-tuwina ang mga bagong salin at di pa nailalathalang mga sipi o mga Tableta mula sa mga Banal na Kasulatan. Bukod pa rito, ang bagong mga aklat ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh at ni 'Abdu'l-Bahá na isinalin sa Ingles ay nakatakda nang ilabas sa darating na mga taon.

8 Sa Santiago, Chile at sa Battambang, Cambodia, ang pinakabagong itinalaga na mga Bahay Sambahan ng daigdig ay nakikilala na bilang mga tampulan ng pag-akit, mga tanglaw para sa kanilang mga lipunan para sa lahat ng sinasagisag ng Pananampalataya. At ang kanilang bilang ay madaragdagan na. Ikinalulugod naming ipatalastas na ang seremonya ng pagtatalaga ng Templo sa Norte del Cauca, Colombia ay magaganap sa Hulyo. Higit pa rito, ang pagtatayo ng karagdagan mga Bahay Sambahan ay nasa kabila lamang ng guhit-tagpuan. Sa Vanuatu, kumukuha na ng

building. In India and the Democratic Republic of the Congo, a highly complex and exacting process has at last led to the successful acquisition of land. The joy at seeing the design of the first national *Mashriq'u'l-Adhkár* unveiled in Papua New Guinea at Naw-Rúz had hardly subsided when the design of the local House of Worship in Kenya was also revealed. Meanwhile, we have every expectation that the recently released statement and compilation about the institution of the *Mashriq'u'l-Adhkár*, prepared by our Research Department, will further stimulate the friends' appreciation of the significance of worship in community life. For in their acts of service, especially in their regular devotional gatherings, Bahá'ís everywhere are laying the spiritual foundations of future Houses of Worship.

Only three years remain of a quarter-century effort that began in 1996 focused on a single goal: a significant advance in the process of entry by troops. At Riḍván 2021, the followers of Bahá'u'lláh will embark on a Plan lasting a single year. Brief, but pregnant with portent, this one-year endeavour will begin a new wave of Plans bearing the ark of the Cause into the third century of the Bahá'í Era. During the course of this auspicious twelvemonth, the Bahá'í world's commemoration of the centenary of the Ascension of 'Abdu'l-Bahá will include a special gathering at the Bahá'í World Centre to which representatives of every National Spiritual Assembly and every Regional Bahá'í Council will be invited. This, however, is to be but the first in a sequence of events that will prepare the believers for the demands of the decades to come. The following January, the elapse of one

pahintulot para magsimula ng pagtatayo. Sa India at sa Democratic Republic of the Congo, ang isang masalimuot at mapaghanap na proseso sa wakas ay nagbunga ng matagumpay na pagkamit sa lupa. Ang ligayang nadama nang masilayan ang disenyo ng unang pambansang *Mashriq'u'l-Adhkár* sa Papua New Guinea na inilabas noong Naw-Rúz ay halos hindi pa humuhupa nang ang disenyo ng lokal na Bahay Sambahan sa Kenya ay inilabas na rin. Kaalinsabay nito, taglay namin ang bawat pag-asa na ang bagong labas na pahayag at kalipunan tungkol sa institusyon ng *Mashriq'u'l-Adhkár*, na inihanda ng aming Research Department, ay higit pang gigising sa pagpapahalaga ng mga kaibigan sa kahalagahan ng pagsamba sa pamumuhay ng pamayanan. Sapagkat sa kanilang mga gawain ng paglilingkod, lalo na sa kanilang regular na mga pagtitipon upang manalangin, itinatatag ng mga Bahá'í sa lahat ng dako ang mga saligang espirital para sa mga Bahay Sambahan ng hinaharap.

9 Tatlong taon na lamang ang nalalabi sa ika-apat na bahagi ng isang siglong pagsisikap na nagsimula noong 1996 na nakatuon sa iisang layunin: ang malakihang pagsulong sa proseso ng pangkat-pangkat na pagsapi. Sa Riḍván 2021, ang mga tagasunod ni Bahá'u'lláh ay maglulunsad ng isang Planong magtatagal ng isang taon lamang. Maikli man subalit hitik ng pangako, itong isang-taong pagsisikap ay magsisimula ng isang panibagong alon ng mga Planong magdadala ng arko ng Kapakanan sa pangatlong siglo ng Panahong Bahá'í. Sa loob nitong butihing labindalawang buwan, kabilang sa paggunita ng sandaigdigang Bahá'í sa sentenaryo ng Pagyao ni 'Abdu'l-Bahá ang isang tanging pagtitipon sa Bahá'í World Centre kung saan ang mga kinatawan ng bawat National Spiritual Assembly at bawat Regional Bahá'í Council ay aanyayahan. Ito, gayumpaman, ang magiging una lamang sa isang serye ng mga pagtitipong maghahanda sa mga mananampalataya para sa mga

hundred years since the first public reading of the Master's Will and Testament will be the occasion for a conference in the Holy Land bringing together the Continental Boards of Counsellors and all members of the Auxiliary Boards for Protection and Propagation. The spiritual energy released at these two historic gatherings must then be carried to all the friends of God in every land in which they reside. For this purpose, a series of conferences will be convened worldwide in the months that follow, a catalyst to the multi-year endeavour that shall succeed the coming One Year Plan.

Thus, a new phase in the unfoldment of the Master's Divine Plan is approaching. But a thrilling and more immediate prospect lies directly ahead. The bicentenary of the Birth of the Báb is now just a year and a half away. This is a period in which to recall the extraordinary heroism of the Martyr-Herald of our Faith, Whose dramatic ministry thrust humanity into a new era of history. Though separated from our own time by two centuries, the society in which the Báb appeared resembles the present-day world for the sense of oppression and for the longing of so many to find answers to slake the soul's thirst to know. In considering how this two-hundred-year anniversary might befittingly be marked, we recognize that these festivities will have a special character of their own. Nevertheless, we anticipate a flourishing of activity no less rich and no less inclusive than that which accompanied the bicentenary just passed. It is an occasion to which every community, every household, every heart will undoubtedly look forward with eager expectation.

pangangailangan ng mga dekadang darating. Sa kasunod na Enero, na paglipas ng isang daang taon mula sa unang pampublikong pagbasa ng Habilin at Testamento ng Master, ay siyang magiging pagkakataon para sa isang kumperensiya sa Banal na Lupain kung saan ay magsasama-sama ang mga Continental Board of Counsellors at ang lahat ng mga miyembro ng mga Auxiliary Board para sa Pangangalaga at Pagpapalawak. Ang espirital na siglang pupukawin nitong dalawang makasaysayang pagtitipon ay kailangang ihatid sa lahat ng mga kaibigan ng Diyos sa bawat lupain na kanilang tinitirahan. Para sa layuning iyon, ang serye ng mga kumperensiya ay idaraos sa buong daigdig sa susunod na mga buwan, isang pamparikit o katalista sa maraming-taong pagsisikap na susunod sa darating na Isang Taong Plano.

Sa gayon, ang isang panibagong yugto sa pamumukadkad ng Banal na Plano ng Master ay papalapit na. Subalit ang isang nakakikilig at higit na malapit na pagkakataon ay nasa mismong bungad na. Ang bisentenaryo ng Kapanganakan ng Báb ay isang taon at kalahati na lamang sa hinaharap. Ito ay isang panahon upang muling gunitain ang bukod-tanging kagitingan ng Martir na Tagapamalita ng ating Pananampalataya, na ang Kaniyang madulang panunungkulan ay nagbunsod sa sangkatauhan papasok sa isang panibagong panahon ng kasaysayan. Bagaman nahihwalay sa ating sariling panahon ng dalawang siglo, ang lipunan kung saan lumitaw ang Báb ay nahahawig sa kasalukuyang daigdig sa diwa ng paniniil at sa pananabik ng napakarami upang makatagpo ng mga kasagutang makapapatid sa uhaw ng kaluluwa upang makabatid. Sa pag-iisip kung paano maipagdiriwang nang angkop itong dalawang daang taong kaarawan, nakikilala naming ang mga pagdiriwang na ito ay magkakaroon ng sarili nitong katangian. Gayumpaman ay inaasahan namin ang pagyabong ng mga gawaing hindi kulang sa yaman at hindi kulang sa pagsali ng lahat na naging kaakibat ng bisentenaryong kalilipas pa

The months ahead will also be a time for calling to mind the lives of the Báb's intrepid followers—heroines and heroes whose faith was expressed in matchless, sacrificial acts that will forever adorn the annals of the Cause. Their qualities of fearlessness, consecration, and detachment from all save God impress themselves upon everyone who learns of their ventures. How striking, too, is the young age at which so many of those lionhearts made their indelible mark on history. During the coming period, may their example give courage to the entire company of the faithful—not least to the youth, who are once more summoned to the vanguard of a movement aimed at nothing less than the transformation of the world.

This, then, is our bright, bright hope. In the six cycles that lie between this Riḍván and the next bicentenary—indeed, throughout the remaining three years of the current Plan—let the same all-consuming, all-surpassing love that spurred the Báb's disciples to the diffusion of the divine light inspire you to great deeds. That you may be the recipients of heavenly aid is our supplication at the Sacred Threshold.

lamang. Ito ay isang pagkakataong tiyak na sabik na inaasam ng bawat pamayanan, bawat tahanan, bawat puso.

11 Ang mga buwang hinaharap ay magiging panahon rin para sa paggunita sa mga buhay ng matapang na mga tagasunod ng Báb—mga bayaning babae at lalaki na ang kanilang pananalig ay inihayag sa walang kahalintulad na mga gawaing pagpapakasakit na magpapalamuti magpakailanman sa kasaysayan ng Kapakanan. Ang kanilang mga katangiang walang takot, pagtatalaga, at pagkawalay sa lahat maliban sa Diyos ay ikinikintal ang mga sarili nito sa bawat nakababatid sa kanilang mga pagpupunyagi. Kapansin-pansin rin ang murang gulang nang ilagay ng marami sa mga pusong-leon na iyon ang kanilang di-mabuburang tatak sa kasaysayan. Sa parating na panahon, tulutang magbigay-tapang ang kanilang halimbawa sa buong kalipunan ng mga matatapat—nang hindi kamuntian sa mga kabataan, na muling tinatawagan ngayon na manguna sa kilusang naglalayon ng walang iba kundi ang pagbabago ng daigdig.

12 Ito, kung gayon, ang aming maliwanag na maliwanag na pag-asa. Sa anim na cycle na nasa pagitan ng Riḍván na ito at ng susunod na bisentenaryo—sa katunayan, sa kabuuan ng nalalabing tatlong taon ng kasalukuyang Plano—tulutan na ang gayunding pag-ibig na nakatutupok sa lahat at nakahihigit sa lahat na siyang nag-udyok sa mga disipulo ng Báb sa pagpapalaganap ng banal na liwanag ang siya ring pumukaw sa inyo upang gumawa ng dakilang mga gawain. Na kayo ay makatanggap ng makalangit na tulong ay ang aming panalangin sa Banal na Bungad.

[signed: The Universal House of Justice]